## Ang Paglalaro Ngayon

# Isang Patnubay para sa mga Pamilya



BRITISH COLUMBIA | Ministry of Education

# Mga Pasasalamat

Nais pasalamatan ng Ministry of Education si Jane Bertrand ng Margaret and Wallace McCain Family Foundation para sa lahat ng kanyang mga pamamatnubay at kadalubhasaan sa pagsulat ng resource na ito.

Play Today A Guide for Families [Filipino]
Copyright © 2020 Province of BC

# Mga Nilalaman


**Introduksyon** . . . 3

**Laro** . . . 4

Mga Pamamaraan ng Paglaro . . . 4

Free Play . . . 5

Inquiry Play . . . 8

Laro na may Pakikipagtulungan . . . 12

Natututo Habang Naglalaro . . . 16

Mga Laro Na Nagtuturo . . . 20

**Konklusyon** . . . 23

**Resources** . . . 24

**Mga Reperensiya** . . . 24


8
6
7
5
3
4
2
1



# Introduksyon

Ang mga karanasan ng mga bata sa paglalaro ay may malaking epekto sa lahat ng dako ng kanilang paglaki, pag-aaral, at development. Inilalarawan ng *Ang Paglalaro Ngayon: Isang Patnubay Para sa mga Pamilya* ang mga ideya at mga halimbawa ng mga mahuhusay na paglalaro na maaaring ialok ng mga pamilya at caregivers sa kanilang mga anak na preschool at mga anak na nasa edad ng pagpasok sa eskwelahan.

Ang patnubay na ito ay nagbibigay-diin sa pagturo sa pamamagitan ng paglalaro para sa mga batang tatlo hanggang walong-taong-gulang (bandang Grade 3). Ito'y may kasamang mga halimbawa ng iba't-ibang mga paglalaro na nakakatulong na matuto ang mga bata. Kabilang sa mga halimbawa ang mga pagkakataon na maglaro ang mga bata kung saan sila ang namumuno, at mga paglalaro kung saan ang adults ay maaaring magpatnubay. Inilalarawan din nito kung paano natututo ang mga bata at iniimbita nito ang mga kapamilya at caregivers na isaalang-alang ang kahalagahan ng paglalaro upang matuto sa tahanan at sa ibang mga lugar.

Maglaro at mag-enjoy kayo ng iyong anak! Ang paglalaro ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang suportahan ang lahat ng pagtuturo at development, at dapat ito patuloy na magbigay ng kasiyahan sa buong buhay ng bawat tao.

## Maglaro na tayo ngayon din!

# Paglalaro

Paminsan-minsan ay dinidirekta ng mga bata ang kanilang sariling paglalaro nang hindi kalahok ang adults. Sa iba namang mga beses, napapansin ng adults na may mga pagkakataon na sumali sa paglalaro ng mga bata at na ibahagi ang kanilang mga ideya, pag-unawa, o skills. Maaaring patnubayan ng adults ang paglalaro ng mga bata habang nirerespeto nila ang kanilang mga interest at skills. Paminsan-minsan, ang adults ay maaaring magtakda ng mga ispesipikong paglalaro upang makamit ang isang layunin na matututunan. Ang mga bata ay nagbebenepisyo at natututo mula sa maraming iba't-ibang uri ng paglalaro.

## Mga Pamamaraan ng Paglaro

Inilalarawan ng patnubay na ito ang limang mga pamamaraan sa pagturo sa pamamagitan ng paglalaro. Ang tungkulin ng adults ay nag-iiba-iba — mula sa pagiging magalang na taga-obserba at tagatulong hanggang sa pagiging mga lider at direktor ng paglalaro. Ang mga natututunan ng mga bata mula sa mga karanasang ito ay nag-iiba-iba rin. Ang mga bata ay nagbebenepisyo mula sa lahat ng mga uri ng paglalaro. At madalas na nagpapakita rin ang mga bata na talagang mas gusto nila ang isang ispesipikong pamamaraan ng paglalaro. Ang mga uri ng paglalaro na nakalarawan dito ay wala sa pagkakasunud-sunod at mga paraan lamang ng paglalarawan ng mga iba't-ibang uri ng paglalaro.

**Mga Uri ng Pagpatnubay ng Adults sa Paglalaro**

❮ Ang bata ang nagdidirekta — Ang Adult ang Nagpapatnubay — Ang adult ang nagdidirekta ❯

|  |  |  |  |  |
|---|---|---|---|---|
| **Free Play** | **Inquiry Play** | **Laro na may Pakikipagtulungan** | **Natututo Habang Naglalaro** | **Mga Laro na Nagtuturo** |
| Tumulong at magsuporta – Maglaan ng panahon, lugar, at mga bagay na mapaglalaruan. | Hikayatin at suportahan ang mga exploration ng mga bata sa paglalaro. | Gamitin ang mga pagkakataon upang pumasok sa paglalaro ng mga bata at magsama ng skill practice. | Suportahan ang karanasan sa paglalaro na may kasamang ispesipikong skills. | Subukan ang mga ispesipikong aktibidad at focused na mga aktibidad upang gamitin ang skills tulad ng literacy at numeracy. |

**Inakma mula sa Pyle and Danniels, 2017**[1]

Ang paglalaro ay nangyayari sa maraming iba't-ibang mga lugar at espasyo—sa tahanan, sa preschools, child-care centres, sa family centres, sa mga playground, at sa mga classroom sa eskwelahan. Hinihugis ng kultura, komunidad, at buhay sa pamilya ng mga bata ang kanilang paglalaro. Ang paglalaro ay maaaring mag-iba-iba pero kapag minamahalaga at pinupuri ng mga pamilya ang paglalaro, mas natututo ang mga bata.

Ang *Paglalaro Ngayon: Isang Patnubay Para sa Mga Pamilya* ay dinisenyo upang makatulong na suportahan ang mga pamilya na mahalagahin at palawakin ang mga pagkakataong matuto mula sa paglalaro.

1 Pyle, A., & Danniels, E.(2017). A continuum of play-based learning: The role of the teacher in play-based pedagogy and the fear of hijacking play, Early Education and Development, 28(3), 274-289.

## Free Play

**Paano natututo sa pamamaraang ito:** Ang free play ay paglalaro na sinimulan at dinidirekta ng mga bata. Ang mga bata ang siyang gumagawa ng mga desisyon tungkol sa kung ano ang susunod na mangyayari at kung sino ang gagawa ng ano.

Kapag ang adults ay hiniling na pag-isipan ang mga naaalala nila mula sa paglalaro habang bata, madalas nilang natatandaan ang mga pagkukunwaring eksena gamit ang mga laruan, manyika, o stuffed toys. Maaaring matandaan nila na naghanap sila ng mga hayop sa bushes, tumakbo sila nang mabilis at napahiga sila habang humihiyaw sa tuwa. Naaalala naman ng ibang adults ang pagtakbo, pagtalon, at pag-akyat sa labas kasama ng mga kaibigan, nang walang adult na nagbibigay ng direksyon.

Eto ang dalawang halimbawa ng Free Play: Nilalaro ang Buhangin at Taguan.



**Paglalaro ng Buhangin**

*Dinadala ni Marsha ang kanyang dalawang anak – ang tatlong-taong-gulang na si Marvin at ang limang-taong-gulang na si Sasha – sa park kung saan may malaking sandbox. Ang bawat bata ay may dalang pala at timba. Si Marsha ay umuupo sa isang bench sa tabi habang patakbo si Marvin at Sasha sa sandbox nang tumitili sa tuwa.*

*Mabilis na pinupunan ni Sasha ng tuyong buhangin ang kanyang timba, at pagkatapos ay tumitindig siya at ibinubuhos niya muli ang buhangin pabalik sa sandbox. Pagkatapos ay tumatakbo siya sa water pump sa kabila ng sandbox at pinupunan niya ang kanyang timba ng tubig, lumalakad nang pabalik kay Marvin, maingat na hawak ang timba at tinitingnan niya kung may tubig na titilansik. Umuupo si Sasha sa tabi ni Marvin at binubuhos niya ang tubig sa maliit na bahagi ng buhangin. Mabilis niyang ibinabalik ang basang buhangin sa timba at pinapatag niya ang buhangin. Dahan-dahan niyang itinataob ang timba at dahan-dahan niyang tinatapik ang mga gilid at ibabang bahagi ng timba hanggang lumabas ang may hugis na buhangin mula sa timba. Inuulit niya ito nang limang beses hanggang mayroon siyang limang magkakahanay na sand forms.*

*Nagsisimula si Marvin na maghukay ng isang butas sa buhangin at sumisigaw siya sa kanyang ina, "Mommy, mommy, tingnan mo 'to!*

*Hinuhukay ko ang pinakamalaking butas."*

*Ngumiti si Marsha at sinabi niyang, "Wow, ang laki-laki nga talaga!"*

*Nanonood si Marsha habang pinupuno ni Sasha ng tubig ang kanyang timba at maingat niyang binibitbit ito pabalik sa sandbox. Natatandaan ni Marsha na noong nakaraang anim na linggo lamang ay humihingi si Sasha sa kanya ng tulong dahil ang tubig ay laging tumatapon habang siya'y naglalakad. Napansin niya na si Sasha ay madali at maingat na ngayong nakakalakad para hindi tumapon ang tubig mula sa timba.*

*Tiningnan ni Marvin ang mga hinuhugis ni Sasha sa buhangin. Tinanong niya, "Ano 'yan?" Sumagot si Sasha, "Ito'y magiging kastilyong buhangin." Plinano niya ang kastilyo para sa dalawang maliliit na manyika na dala-dala niya sa kanyang backpack. Pagkatapos ay itinuro niya ang isang puno sa tabi ng sandbox. "Makakatulong ka. Kumuha ka ng ilang mga dahon at mga bato mula sa ilalim ng mga puno doon." Si Marvin ay lumabas sa sandbox at tumakbo patungo sa mga puno upang kumuha ng ilang mga dahon at pagkatapos ay matulin siyang tumakbo pabalik upang ibigay ito kay Sasha, na nagsabing, "Ok, pero marami pa tayong dahong kailangan. Kailangan natin ng malaking tumpok."*

*Umikot si Marvin at nagsimulang bumalik sa puno, pero siya'y huminto at bumalik upang kunin ang kanyang timba. Pagkatapos ay pinuntahan niya ang puno upang punan ito ng mga dahon. May napansin siyang mga maliliit na kahoy at inilagay din niya ito sa kanyang timba. Bumalik si Marvin kay Sasha na siyang gumagawa ng mga hiwa-hiwalay na tumpok ng dahon sa paligid ng mga hinugis na buhangin.*



*Sabi ni Sasha, "Good. Ngayon ay ibuhos mo sila dito," at tinuro niya ang isang lugar sa tabi ng mga hinugis na buhangin, "at pagkatapos ay bumalik ka doon at kumuha ka ng mga bato."*

*Tumakbo si Marvin patungo sa mga maliliit na bato na nasa ilalim ng puno.*

Si Sasha at si Marvin ay nagpapraktis ng maraming skills sa sandbox na nasa park. Pamilyar si Sasha sa mga posibilidad ng buhangin at tubig mula sa mga nakalipas na paglalaro. Agad siyang pumupunta sa makukuhanan ng tubig. Mayroon siyang design sa kanyang isip para sa kanyang kastilyo at may plano siya kung paano ito gagawin.

Nang sumali si Marvin sa paglalaro ni Sasha, ipinapakita niya na marunong siyang makipagtulungan sa kanyang paglalaro. Nauunawaan niya na ang mga direksyon ni Sasha ay bahagi ng kunwa-kunwaring istorya tungkol sa kastilyo.

Tahimik na nakaupo si Marsha habang pinanonood ang mga bata. Handa siyang sumali kung tinawag nila siya o sumagot sa anumang tanong, pero hindi niya sinisimulan ang pakikipag-usap. Pinagmamasdan niya ang kaya nilang gawin. Pinapansin niya kung paano sila nagbabahagi sa isa't-isa ng ideya sa paggawa ng isang kastilyo at pinapansin niya ang kanilang kasalukuyang kakayahang magtulungan.



**Hide-and-Seek (Taguan)**

> *Maraming mga bata mula sa isang grade 2/3 na klase ang naglalaro. Sa buwan ng Enero ay maulap ang langit, pero umaambon lamang. Maraming mga bata ang naglalaro ng hide-and-seek sa school playground. Ang mga kahon na gawa sa karton, at ang malalaking tubes na magagapangan sa loob ay nasa playground; ito'y nag-aalok ng maraming iba't-ibang lugar na mapagtataguan. Ang mga patakaran para sa larong hide-and-seek game ay ginawa ng mga bata sa mga nakaraang ilang linggo. Ang larong hide-and-seek ay ang kasalukuyang paborito ng mga bata.*
>
> *Kadalasan ay hinihiling ng mga bata ang isang guro na sumali. Ang paghanap ng guro ay malaking bahagi ng laro. Oras na may natagpuang guro, ang guro ay dapat tumakbo at dapat mahabol ng mga tumatakbong bata. Ang mga guro ay maaari lamang sumali kung hiniling sila ng mga bata, at dapat nilang sundin ang mga patakarang itinatag ng mga bata.*
>
> *Ang lahat ay nagtatakbuhan, nagtatawanan, at naghihiyawan.*

Ang guro ang nag-oorganisa ng panahon at lugar para sa paglalaro sa labas na dinidirekta ng mga bata. Alam niya na kailangan ng mga bata ng sapat na panahon para sa paglalaro na dinidisenyo at dinidirekta nila. Kung ang paglalaro ay malamang na mapuputol makalipas ang ilang minuto, walang masyadong mangyayari. Ang mga ganitong pagkakataon sa paglalaro ay magagamit upang mag-obserba at makakuha ng impormasyon tungkol sa kahusayan ng mga bata sa pakikisalamuha sa iba at sa kahusayan nilang kumilos. Ang mga obserbasyon sa mga bata sa mga ganitong panahon ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon na nagdaragdag sa pag-unawa sa skills at mga kakayahan ng mga bata.

Ang mga bata ay natututong makipagkasunduan at makipagtulungan sa iba, at magpraktis ng physical skills tulad ng pagtakbo, pagtalon, at pag-iwas. At siguro ang pinaka-importante, ang panahong ito para sa aktibong paglalaro ay mahalaga para sa mga batang nasa mabuting kalusugan. Ang pagpapahusay sa skills na ito ay nagbibigay ng kompiyansa sa sarili at pagsasarili.

## Inquiry Play

**Paano natututo sa pamamaraang ito:** Ang inquiry ay nangangahulugang pagsiyasat upang humanap ng impormasyon o bagong pag-unawa. Ang inquiry play ay nagsisimula sa pagsisiyasat ng mga bata sa mga bagay na umaakit sa kanila o na hindi nila naiintindihan. Ang ganitong pagsisiyasat ay nakakatulong sa mga bata na makita ang mga koneksyon ng mga bagay, mga ideya, mga kahulugan, at mga imahinasyon. Kapag mas maraming tanong, mas nakakaisip sila ng mga ideya at mga teoriya kung paano gumagana ang mundo sa kanilang paligid.

Pinapansin ng adults kung ano ang mga napapansin ng mga bata at tinatanong nila sila tungkol sa kanilang mga ideya. Hindi sila nagbibigay ng mga sagot sa mga bata. Sa halip ay tinutulungan ng adults ang mga bata na mas mag-isip pa at subukan ang kanilang mga ideya. Ang inquiry play ay mainam para sa siyentipikong pag-iisip—pag-identify ng isang problema, pagdibelop ng isang hypothesis (isang teoriya), pag-test nito, pagbago nito, at pag-test nito muli. Kadalasan ay kabilang sa inquiry play ang pagpapakita ng mga ideya sa mga drawing, print, o mga retrato.

Eto ang dalawang halimbawa ng Inquiry Play: Paghahardin Kasama ng mga Bata at ang Malaking Building.



### Paghahardin kasama ng mga Bata

*Ang anim-na-taong gulang na kambal na si Michah at Gabby ay nasa labas sa kanilang bakuran kasama ng kanilang Tita Valerie na siyang ilang linggong nananatili sa kanilang bahay. Halos tapos na ang spring at ang mga dahon ay lumalabas mula sa mga puno. Ang tulips ay nakalabas na at malapit nang mamulaklak sa hardin.*

*Umulan kanina at ang lupa at sementong daanan ay basa pa. "Tita, tingnan mo!" sigaw ni Michah. "Naglabasan na ang mga bulate," habang nagtuturo siya sa daanan. "Sa eskwelahan ay inilagay namin ang mga bulate sa aming malaking paso na puno ng lupa nang kami ay nagtanim ng mga buto ng patani. Mainam ang mga bulate kapag nagtatanim ng mga halaman."*


*Iminungkahi ni Gabby na kunin nila ang mga bulate at ilagay ito sa hardin. Nagtakbuhan ang dalawang babae upang ipunin ang mga bulate at ilagay sila sa lupa.*

*Nagtanong si Valerie, "Bakit sa palagay ninyo makakatulong ang mga bulate na lumaki ang mga itinanim sa hardin?"*

*"Siguro'y mayroon silang magic powers," sabi ni Michah.*

*"O kaya mayroon sila sigurong kaiba-ibang dura na lumalabas at nagpapalaki sa mga halaman," dagdag naman ni Gabby.*

*"Paano kaya natin malalaman kung ano ang nagagawa ng mga bulate sa lupa na nakakatulong sa mga halaman?" Tanong ni Valerie.*



Pinansin ni Michah na ang bulate ay makikita sa lahat ng lugar at natandaan niya nang dati siyang nakakita ng mga bulate. Naiugnay niya ito sa natutunan niya dati sa eskwelahan, na ang mga bulate ay idinagdag sa paso na may mga buto ng patani.


Ginamit ni Gabby ang natutunan ni Micah at inaplay niya ito sa nangyayaring sitwasyon. Ang dalawang babae ay nag-isip ng mga teoriya tungkol sa kung bakit nakakatulong ang mga bulate na lumaki ang mga halaman.

Si Valerie ay nagtatanong upang malaman kung ano ang mga iniisip ng mga bata, at kung ano ang kanilang mga ideya. Nirerespeto ng kanyang mga sagot ang kanilang mga teoriya at binubuksan nito ang mga posibilidad na malaman kung paano nakakatulong ang mga bulate sa mga halaman.

### Subukan ang Aktibidad na Ito!

Ang aktibidad na Paghahardin kasama ng mga Bata ay nasa *Let's Play! Activities for Families (Maglaro Tayo! Mga Aktibidad Para sa mga Pamilya).* Mahahanap mo ang aktibidad na ito sa Set 3: Mga Identidad, Responsibilidad sa Lipunan, at Diversity.






## Ang Malaking Building

*Pinagmamasdan ng isang grupo ng preschool na mga bata ang pagtayo ng isang condo building sa tabi nila. Ang mga bata ay nakatayo sa tabi ng fence at pinanood nila ang parada ng cement mixers, diggers, front-end loaders, at cranes. Nilalaro ng tatlong-taong-gulang na si Connor ang mga sasakyan lamang at umupo siya sa isang tricycle at kumilos siya nang pasulong at paatras habang nag-iiingay na parang makina. Ang ibang mga batang nakasakay rin sa mga tricycle at wagon ay lumapit din at sinalihan nila si Connor. Pagkatapos ay nagpasiya ang ilang mga bata na magdala ng malalaking building blocks, cardboard tubes, malalaking kahon na walang laman, at hard hats mula sa bodega. Ang mga bata ay galak na galak na nagsimulang magtayo ng isang building na tinawag nilang "ang malaking building."*



*Matapos ang ilang araw, ang construction area ng mga bata ay mayroon ng mga istrukturang gawa sa blocks, tubes, mga kahon, mga retrato, at mga nakasulat na sign. Sila'y nagbibigay ng mga direksyon para sa mga construction vehicles at mga babala, at namamahagi sila ng mga timba at pala para kumuha ng buhangin sa sandbox. Paminsan-minsan ay sumasali sa laro si Yasmeen, isang Early Childhood Educator. Marami siyang mga tanong tungkol sa kung ano ang ginagawa nila para hindi bumagsak ang building, at kung ano ang ginagawa ng construction workers.*

*Isang araw ay naisip ni Yasmeen na palawakin ang paglalaro sa labas. Naglabas siya ng mga malalaking piraso ng papel at gumamit siya ng tape upang idikit sila sa mesa sa tabi. Pagkatapos ay inimbita ni Yasmeen ang mga bata na mag-drawing ng retrato ng construction site. Apat na mga bata ang lumapit sa mesa at kinuha nila ang markers na inilagay ni Yasmeen sa mesa, at nagsimula silang mag-drawing. Hinikayat ni Yasmeen ang mga bata na tingnan ang construction site at isipin ang mga detalye ng equipment at ang malaking butas sa lupa.*

*Walang-tigil ang pagtatanong ng mga bata tungkol sa construction vehicles at kung ilang tools ang ginagamit ng mga manggagawa. Gustong malaman ng apat-na-taong-gulang na si Emily kung paano magiging bahagi ng building ang tubig at koryente. Kumuha si Yasmeen ng maraming picture books tungkol sa construction mula sa local library. Sinabi niya sa mga bata na hindi niya alam ang mga sagot pero matutulungan niya sila na makakuha ng karagdagang impormasyon sa libro. Iminungkahi ni Hassan na gamitin nila ang Internet sa library upang maghanap ng karagdagang impormasyon. Maraming mga bata ang nagdraw-drawing ng mga retrato ng pagpapatayo ng building, at nagtatanong sila kung ano ang spelling ng mga salita tulad ng "condominium" at "excavator." Si Yasmeen at ang mga bata ay kumukuha na ngayon ng mga retrato bawat umaga at dinodokumento nila kung anong progress ang naoobserba nila sa isang librong ginagawa nila na pinamagatang "Ang Malaking Building."*

*Sa sumunod na linggo ay naglagay muli si Yasmeen ng papel at markers sa mesa sa tabi at inimbita niya ang mga bata na mag-drawing. Napansin niya na ang mga drawing ng mga bata ng equipment at construction site ay may mas maraming detalye. Inaya ni Yasmeen si Connor na magpunta sa mesa at mag-drawing ng front-end loader.*

*Habang ang paglalaro sa labas ay patuloy na nagdidebelop ng isang istorya tungkol sa construction workers at mga malakas na makinarya, iminungkahi ni Yasmeen na sama-sama silang magsulat ng script para sa isang dula. Ang mga bata ay nagbigay ng mga nakasulat na notes at mga drawing na inilipat sa computer. Sila'y nagtulong-tulungan upang maghanda ng isang dula tungkol sa pagtayo ng isang napakataas na building na may maraming playroom – mayroon pa nga itong playroom na may malaking bouncy castle.*

Tinutugunan ni Yasmeen ang mga hilig at mga ideya ng mga bata. Siya'y nagtatanong upang malaman kung ano ang kanilang mga iniisip. Nagtatanong siya upang gawin silang curious nang malaman at mas maunawaan nila ang construction site, at hinihikayat niya sila na katawanin ang kanilang mga ideya gamit ang mga retrato at isang dula. Siya'y sumasali sa mga pagtatanong ng mga bata tungkol sa tubig at koryente.

Natututunan ng mga bata ang problem solving, pagpaplano, at kung paano gamitin ang resources upang malaman kung paano gumagana ang mga bagay. Natututo sila ng mga bagong salita at mga paraan upang katawanin ang mga ideya gamit ang mga salita at mga drawing.

## Laro na may Pakikipagtulungan

**Paano natututo gamit ang pamamaraang ito:** Ang laro na may pakikipagtulungan ay nangyayari kapag dinidirekta ng mga bata ang kanilang sariling paglalaro (free play) at nakikita ng adults ang oportunidad na sumali sa paglalaro ng mga bata upang dagdagan ang oportunidad na matuto. Hindi pinamamahalaan ng adults ang paglalaro, at hindi rin nila dinidirekta ito (maliban kung para sa kaligtasan). Ang adults ay maaaring mag-alok ng mga instruksyon tungkol sa isang ispesipikong skill — tulad ng kung paano hawakan ang papel upang gumupit ng isang bilog, o kaya'y maaari silang magpakita ng mga ispesipikong resources tulad ng mga libro.

Eto ang dalawang halimbawa ng Laro na May Pakikipagtulungan: Picture Book Scavenger Hunt at ang Crane.



### Picture Book Scavenger Hunt

> *Nagbabasa si Alex ng isang libro tungkol sa kung paano gumagana ang mga makina kasama ang kanyang anim-na-taong gulang na anak na si Manuel. Si Manuel ang pumili ng libro na iuuwi mula sa school library. Ang libro ay may mga ilustrasyon at paglalarawan tungkol sa mga makina na pangkaraniwan sa maraming tahanan, kabilang na ang blenders, vacuum cleaners, washing machines, computers, cellphones, at hair dryers.*
>
> *Maraming tanong si Manuel tungkol sa kung bakit ang ilang mga makina ay dapat isaksak habang ang iba naman ay gumagana nang walang mga plug. Iminungkahi ni Alex na hanapin nila ang mga makinang ito sa kanilang tahanan upang makita kung alin ang may electrical cords at mga plug at kung alin ang wala. Tuwing natatagpuan ni Manuel ang bawat isa, ino-on at ino-off niya ito.*
>
> *Sabi ni Manuel, "Di kailangang isaksak ang cellphones sa dingding. Sila ay kumukuha ng koryente mula sa charger—ang koryente ay nasa loob ng charger."*
>
> *"Hmm...," sagot ni Alex. "Narito ang aking cellphone at hindi ito charged ngayon. Gamitin natin ang charger pero huwag nating isaksak ito sa dingding at tingnan natin kung ano ang mangyayari."*
>
> *Sabik na isinaksak ni Manuel ang charger sa cellphone ng kanyang ama. Nagbalik sila sa paghanap ng iba pang mga makina mula sa libro, at gumawa sila ng listahan ng mga makina na mayroon sila at ng ibang wala sila, tulad ng ice maker.*

*Makalipas ang isang oras, tapos na nila ang libro at nalaman nilang mayroon silang 16 na mga makina na nasa libro ngunit wala sila ng iba pang 12 na nakalista. Iminungkahi ni Alex na tingnan nila ang kanyang cellphone.*

*Mukhang naguluhan si Manuel at nagsabing, "Dad, patay pa rin ang phone mo at hindi charged."*

*Sagot ni Alex , "OK, isaksak natin ngayon ang kabilang dulo ng charger sa electrical outlet." Halos kaagad ay umilaw ang cellphone at lumabas ang charging symbol sa screen. Ipinaliwanag niya kung paano pumapasok ang koryente sa kanilang bahay, sa pamamagitan ng wires na nasa loob ng mga dingding. Ipinaliwanag niya kung paano gumagana ang charger sa pagkuha ng koryente at ginagamit ito para i-recharge ang phone pero sinabi niya na ang charger ay walang sariling pagkukunan ng koryente.*

Gumagawa si Manuel ng koneksyon sa pagitan ng mga binabasa niya at ng mundong ginagalawan niya. Gumagamit siya ng mga libro para malaman kung paano gumagana ang mga bagay. Pinatitibay din niya ang kanyang pag-unawa sa print. Pinagsasama niya ang kanyang pag-unawa ng mga katangian ng iba't ibang bagay at kung paano sila maaaring ikategorya. Pinag-iisipan niya ang mga problema at hinuhulaan niya ang mga solusyon.


Sinasalihan ni Alex ang paglalaro ni Manuel sa pamamagitan ng pagbasa sa libro na pinili ni Manuel. Ginagamit niya ang tinatawag na "teachable moment" (panahong nakapagtuturo) para maiugnay ni Manual ang kanyang bahagyang pag-unawa sa koryente at kung paano gumagana ang cellphone chargers gamit ang koryente.

Kabilang sa Natututo Habang Naglalaro ang paglalaro na plinaplano ng adults nang may tiyak na ispesipikong learning goals. Nakikisali ang mga bata sa laro at maaari silang aktibong sumali sa loob ng istruktura na itinatag ng adults.

### Subukan ang Aktibidad na ito!

Ang aktibidad na Picture Book Scavenger Hunt ay nasa *Let's Play! Activities for Families.* Mahahanap mo ang aktibidad na ito sa Set 2: Communications and Literacies.









## Ang Crane

*Napansin ni Michaela, isang guro sa isang StrongStart BC program, na ang tatlong-taong-gulang na sina Ivan at Lindsey ay malalim na nakatuon sa unit blocks at Lego sa play area. Inililinya ni Ivan ang ilang unit blocks sa sahig. Naglalagay siya ng isang mataas na stack ng Lego blocks sa isang dulo ng blocks, at tumutumba ito. Matapos magmasid si Michaela nang ilang minuto, nagpasya siya na alamin kung ano ang pag-unawa nina Ivan at Lindsey tungkol sa dahilan ng pagtumba ng blocks at kung ano ang sinusubukan nilang gawin.*

*Tanong ni Michaela, "Ano ang sinusubukan mong gawin, Ivan?" Sagot ni Ivan, "Gumagawa kami ng malaking-malaking crane." Dagdag pa ni Lindsey, "Kukuha ito ng semento para sa tore." Bumaling si Ivan kay Michaela at nagtanong, "Maaari mo ba kaming tulungan para hindi tumumba ang crane?" Sagot ni Michaela, "Siyempre. Saan ninyo gustong humarap ang crane?"*




*Ang sabi ni Ivan, "Dapat itong humarap sa semento" sabay-turo sa isang tumpok ng maliliit na bato sa tabi ng wooden blocks. Inilagay ni Michaela ang tore sa isang block sa harapan ng mga bato. Tumumba ito.*


*Tanong ni Michaela, "Sa palagay mo -- bakit lagi itong tumutumba?" Ang sabi ni Ivan, "Dahil hindi ito dumidikit sa block." Sagot ni Michaela, "Paano kaya natin itong padidikitin?" Sigaw ni Lindsey, "Kailangan natin itong gamitan ng pandikit."*

*Sabi ni Michaela, "Magaling! Pero palagi na lamang itong nakadikit sa block. Paano naman maibabalik ang block sa shelf?"*

***Mungkahi ni Ivan, "Gumamit tayo ng tape. Kapag tapos na tayo, maaari nating tanggalin ang tape." Sagot ni Michaela, "Nakaisip ka ng mainam na paraan para lutasin ang problemang iyan. Hanapin natin ang tape."***

Gumagamit si Michaela ng mga materyales sa paglalaro na maaaring mabago ng mga bata. Sumasali siya sa paglalaro ng mga bata upang mapalawak ang kanilang mga ideya, upang sa gayon ay mapalawak ang oportunidad para matuto. Nagtatag siya ng mga ideya batay sa mga intensiyon ng mga bata pero hindi niya pinamahalaan ang laro. Inudyukan niya silang mag-isip tungkol sa kanilang problema at posibleng mga solusyon. Sinuportahan niya ang kanilang pag-unawa ng kanilang sarili bilang mag-aaral sa pamamagitan ng paghiling sa kanila na isipin kung paano mapapanatiling nakatayo ang crane.





# Natututo Habang Naglalaro

**Paano natututo sa pamamaraang ito:** Kasama sa Natututo Habang Naglalaro ang paglalaro na plinano ng adults na may nakatakdang mga matututuhang layunin. Lumalahok ang mga bata sa laro at maaari silang magkaroon ng aktibong bahagi sa kung paano magdidebelop ang paglalaro sa loob ng istruktura na binuo ng adults.

Eto ang dalawang halimbawa ng Natututo Habang Naglalaro: Discovery Toy Basket at Pumpkin Cake.



### Ang Discovery Toy Basket

*Naghanda si Mary Jean ng isang "discovery toy basket" para sa kanyang apat-na-taong-gulang na anak. Balak niyang pasimulan ito pagkatapos ng nap time. Inilagay ni Mary Jean ang ilang natagpuang mga bagay —mga susi, mga bato, isang malaking pine cone, mga kutsara, at isang espongha —sa isang basket. Ang mga bagay ay mula sa paligid ng kanilang tahanan at pamilyar kay Ellie ang mga ito. Tinakpan ni Mary Jean ang basket gamit ang isang maliit na kumot.*

*Nang nagising si Ellie at handa na siyang maglaro pagkatapos ng kanyang nap, umupo si Mary Jean sa tabi niya at inilabas niya ang basket.*

*Tanong ni Mary Jean kay Ellie, "Kaya mo bang ilagay ang iyong mga kamay sa ilalim ng kumot at sabihin sa akin kung ano ang iyong nararamdaman nang hindi aalisin amg kumot?"*

*Interesado si Ellie at mausisang ipinasok niya ang isang kamay nang dahan-dahan. Nakahawak siya ng isang espongha at nagsabing, "Ito ay malambot."*

*Tanong ni Mary Jean, "Ano kaya iyan sa tingin mo?"*

*Sagot ni Ellie, "Bimpo ba ito?" Iminungkahi ni Mary Jean na hawakan niya ito muli sa ilalim ng kumot.*

*Ipinasok ni Ellie ang kanyang dalawang kamay at sinalat-salat niya ang espongha at pagkatapos ay napasigaw siya, "Alam ko na, alam ko na — ito ang ginagamit natin sa paghuhugas ng mga pinggan!"*

*Ngumiti si Mary Jean at nagsabing, "Oo, iyan nga —ano ang tawag natin diyan?"*

*Hinugot ito ni Ellie mula sa ilalim ng kumot at mukha siyang naguguluhan. Bumaling siya kay Mary Jean at nagsabing, "Hindi ko alam kung ano ang tawag diyan."*

*Sagot ni Mary Jean, "Ito ay isang espongha."*


*Ganoon din ang ginawa ni Mary Jean sa iba pang mga bagay sa loob ng basket at pagkatapos ay binigyan niya si Ellie ng panahon upang suriin nang mag-isa ang mga bagay.*

Ang discovery toy basket ay nag-aalok ng mga oportunidad para suriin ang mga katangian ng iba't-ibang nga bagay. Nag-iimbita ito ng mga pag-uusap tungkol sa kung para saan ginagamit ang mga bagay at hinihikayat nito ang paggamit ng mga bagong salita.

### Subukan ang Aktibidad na ito!

Ang aktibidad na Discovery Toy Basket ay nasa *Let's Play! Activities for Families*. Mahahanap mo ito sa Set 1: Engagement with Others, Materials and the World.





**Pumpkin Cake**

*Limang bata sa isang after-school program sa isang elementary school ang nakapaligid sa isang mesa sa school kitchen. Si William, ang guro para sa programa, ay nag-tape ng isang malaking papel na may recipe ng pumpkin cake sa dingding sa likod ng mesa. Autumn na, at kamakailan lamang ay nagpunta ang mga bata sa isang local market na may malaking seleksyon ng mga pumpkin (kalabasa).*




*Magkakasamang binasa ng mga bata at ni William ang recipe. Dahan-dahang sinabi ng anim-na-taong-gulang na si Sophie ang salitang "asukal" at nagsabing, "Alam ko kung nasaan ang asukal. Kukunin ko ito."*

*Nagtanong si William, "Gaano karaming asukal ang kakailanganin natin?"*

*Sagot ng pitong-taong-gulang na si Thomas , "2 ½ tasa — iyan ang sabi ng recipe," sabay-turo sa recipe sa dingding.*

*"Tama." Sabi ni William. "Thomas, mayroon tayong ½ tasang panukat dito. Magagamit ba natin ito upang sumukat ng 2 1/2 na tasa ng asukal?"*

*Sagot ni Thomas, "Kailangan nating magdagdag ng tatlo niyan sa bowl."*

*Naglabas si William ng isang 1 tasang panukat at tinanong muli si Thomas. Sabi ni Sophie, "Sa tingin ko, dalawang maliit na tasa ang magpupuno sa malaking tasa."*

*Dahan-dahang ginagabayan ni William ang mga bata sa pagsukat ng lahat ng ingredients, habang binibigyang-diin niya na ang ½ + ½ ay katumbas ng 1. Nang nasa oven na ang pumpkin cake, tiningnan muli ng mga bata ang recipe chart*

*Hiniling ni William sa kanila na gumawa sila ng kanilang sariling recipe card para sa pumpkin cake. Hinihikayat niya na gumawa sila ng mga drawing ng bawat ingredient para mailarawan kung gaano karami ang kailangan para sa recipe.*



Inaayos ni William ang paglalaro na may mga nakatakdang layunin sa pagkatuto. Ipinakilala niya sa mga bata ang mga konsepto ng panukat. Gumagamit siya ng visual cues at mga bagong salita upang pasimulan at isagawa ang mga konsepto ng panukat. Ang nakasulat na recipe na may visual symbols ay nagpapatatag sa pag-unawa ng mga bata na ang print ay nagtataglay ng kahulugan. Inaayos ni William ang mga materyales para sa paglalaro sa isang paraan na nag-aanyaya na mag-focus ang mga bata.

Ang mga bata ay mga aktibong kalahok. Sila ang nagdedesisyon kung paano paghahaluin ang ingredients at maaari silang magmungkahi ng ilang mga karagdagan. Lumilikha sila ng kanilang sariling mga drawing para sa mga recipe card— ang ilan ay magsisingit ng mga numero at ang iba naman ay magsisikap na ilarawan ang ½ mga tasa o 2 mga tasa para ipakita kung gaano karami ang kailangan.

## Mga Laro na Nagtuturo

**Paano natututo sa pamamaraang ito:** Ang mga laro na nagtuturo, kabilang na ang mga tagubilin, ay mga uri ng laro na pinamumunuan ng adult. Paminsan-minsan, ang tagubilin ay nasa anyo ng mga patakarang gumagabay sa kung paano nilalaro ang laro o structured materials na ginagamit sa isang nakatakdang paraan, tulad ng isang puzzle.

Ang mga laro na nagtuturo ay tumutulong sa pagsisimula at pagsasagawa ng mga konsepto kaugnay sa pagbasa o matematika. Nakakatulong din sila sa pagturo ng social-emotional at sa basic physical movement skills. Kapag sama-samang naglalaro ang mga bata, nagprapraktis sila ng social skills tulad ng pagpalit-palitan. Ang mga laro ay maaari ring humikayat ng atensyon at focus ng mga bata sa isang bagay na mapanghamon.

Narito ang dalawang halimbawa ng Mga Larong Nagtuturo: Yoga Poses at Number Line Game.



### Yoga Poses

*Si Leona ay ina ng tatlong-taong-gulang na si Lauren. Nagsimula si Leona na kumuha ng yoga classes noong nakaraang taon sa local community centre. Napapansin din niya na mas kaya niya ngayong pamahalaan ang mga pangangailangan ng trabaho at pamilya. Nalaman din niya na kapag siya ay stressed, nagiging mas kalmado siya — at mas epektibo sa pagharap sa stresses sa tahanan o sa lugar ng trabaho—sa pamamagitan ng pagkuha ng isang yoga break at paggawa ng ilang poses.*

*Naglalaan si Leona ng panahon para sa yoga poses kasama si Lauren pagkatapos ng trabaho kapag nakauwi na sila. Nagsisimula sila sa pamamagitan ng paglabas ng kanilang yoga mats sa sala, pag-dim ng mga ilaw, at pagpatay ng mga radio, mga telebisyon, i-Pad, at cellphone. Hinihiling ni Leona na maupo nang tahimik si Lauren at na ilang beses huminga nang malalim.*

*Nagsasalita si Leona nang dahan-dahan, gamit ang mahinang boses. "Ipikit mo ang iyong mga mata. Dahan-dahang huminga sa iyong ilong." Humihinto siya nang sandali at pagkatapos ay nagpapatuloy, "Damhin mo ang paghahanda ng iyong katawan para sa yoga. Dahan-dahan mong buksan ang iyong mga mata." Paminsan-*

*minsan ay tinatanong niya si Lauren, "Ano ang nararamdaman mo sa loob mo? Ano ang nararamdaman ng iyong katawan? Nakakadama ka ba ng kapaguran, o pakiramdam mo ba na gising ka?"*

*Ngayon ay handa na si Leona na gumawa ng ilang poses kasama si Lauren. Nagsisimula siya sa child's pose. Sabi niya, "Gawin natin ang child's pose."*

*Tinutulungan ni Leona si Lauren na gawin ang Child's Pose sa pamamagitan ng paggabay sa kanya na ibaba ang kanyang noo sa sahig at ilagay ang kanyang mga braso sa harapan.*

*Minamasdan ni Leona si Lauren habang ginagawa nito ang pose at pagbalik nito sa isang sitting position. Pagkatapos gawin ang dalawa pang poses na Downward Dog Pose at Tree Pose, hiniling ni Leona na huminga nang malalim si Lauren nang ilang beses at nagtanong siya, "Ano ang nararamdaman ngayon ng iyong katawan? Nadarama ko na ako ay mas kalmado kaysa noong pag-uwi ko."*


Pinamumunuan ni Leona ang aktibidad ng laro. Inihahanda niya ang lugar sa pamamagitan ng paggawa ng ilang minuto ng yoga kasama ni Lauren pag-uwi niya. Inaayos niya ang sala nang sa gayon ay madali silang makakapag-unat sa isang open space. Ang panahon ng yoga ay binubuo ng mga tiyak na layunin sa pagdibelop ng positive coping skills at pamamahala ng mga emosyon at stress. Ipinakikilala niya ang poses batay sa skills na natututunan ni Lauren. Mapagmasid siya sa poses na nagagawa ni Lauren at itinutuon ng kanyang mga tanong ang atensyon sa kung ano ang nararamdaman ni Laura sa kanyang katawan.

Ang mga laro na nagtuturo ay mga oportunidad ng laro na madalas ay humahamon sa mga bata na gamitin ang kanilang skills sa pag-iisip, numero at wika, social-emotional, at skills ng katawan. Maaaring buuin ng adults ang mga laro nang sariling magawa ng isang bata ang mga mahihirap gawin, o kaya nang may kaunting tulong.

### Subukan ang Aktibidad na ito!

Ang aktibidad na Yoga Poses ay nasa *Let's Play! Activities for Families.* Mahahanap mo ito sa Set 4: Well-Being and Belonging.





**Ang Number Line Game**

*Pumasok ang apat-na-taong gulang na si Idris sa kanyang preschool kasama ang kanyang tita. Kaagad siyang tumakbo sa mesa na may isang bagong game set up. Sumigaw siya, "Tita, tita! Tingnan mo! Gamit nito ang mga acorn na dinala ko kahapon."*

*Sa mesa ay mayroong isang number line game na nakahanda para sa tatlong manlalaro. Ang bawat manlalaro ay may ilang mga acorn. Palit-palitan ang mga bata sa paghagis ng isang malaking dice at pagkatapos, sa paglagay ng bilang na iyon ng mga acorn sa isa sa number lines na mga square na may mga numero mula isa hanggang sampu. Kapag kaya nang gawin ito ng mga bata, magdaragdag si Emmanuel, isang guro, ng mga acorn at pahahabain niya ang laro sa pamamagitan ng paggawa ng mas mahabang number lines.*

*Umupo si Idris at hinagis niya ang dice. Two ang ang lumabas sa dice. Inilagay niya ang dalawang acorn sa number one at number two squares sa kanyang number line. Pagkatapos ay hinagis niya muli ang dice at lumabas naman ang three sa dice.*

*Inilagay niya ang tatlong acorn sa susunod na tatlong squares sa number line. Pinagmasdan ito ni Emmanuel at siya'y nagtanong, "O anong numero na ang naabot mo ngayon?" Ngumiti si Idris at, mula sa unang square, nagsimula siyang magbilang hanggang lima kung saan inilagay niya ang acorn. Tinandaan ni Emmanuel ang pag-unawa ni Idris sa mga numero habang nanonood siya, ngumingiti, at tumatango.*

Naghanda si Emmanuel ng isang laro na may mga takdang patakaran. Ang mga patakaran ay batay sa mga takdang layunin na matututunan. Ang laro ay dinisenyo para turuan ang mga bata ng mathematical concepts na may kinalaman sa pagbibilang at sa simpleng pagkukuwenta. Si Idris ay natututong mag-identify at magkumpara ng mga numero, pati na rin ang magbilang at gumawa ng simpleng addition.

Ang larong ito ay maaaring iakma sa mga indibidwal na pag-unawa ng mga bata. Tinatasa ni Emmanuel kung ano ang nauunawaan ni Idris tungkol sa mga numero at simpleng pagbibilang at maaari niyang iakma ang complexity ng laro.

Ang mga bata ay mga aktibong kalahok sa laro. Pinapatnubayan sila ng mga patakaran, at ang mga patakaran ay maaaring iakma sa kung ano ang nauunawaan ng isang bata. Ang layunin ay ang magbigay ng hamon na kayang abutin ng isang bata.

# Konklusyon

Ang mga karanasan ng mga bata ay magkakaiba, dependa sa kanilang mga kultura at mga komunidad, kaya ang kanilang paglalaro ay maaaring magmukhang iba-iba sa magkakaibang mga setting. Pero ang malaking kasiyahan na naibibigay ng paglalaro sa mga bata ay pare-pareho para sa lahat.

Hinihikayat ng paglalaro na maging mausisa at malikhain ang mga bata, at na habang-buhay silang matuto. Binibigyan nito ang mga bata ng motibasyon para mag-explore, magkaroon ng mga bagong ideya, makipag-ugnayan sa iba, at mag-isip ng mga bagong posibilidad. Ang paglalaro ay maaaring maging mapanghamon, masaya, matindi, at kapana-panabik. Ang paglalaro ay maaari ring mag-relax, magpakalma, at magbigay-ginhawa. Ang paglalaro ay isang plataporma para matuto mula kapanganakan hanggang ang mga bata ay malaki na. Ito ay isang paraan para magbigay ng inspirasyon na matuto.

Ang patnubay na ito ay batay sa *Paglalaro Ngayon: B.C. Handbook* at gumagamit ito ng mga aktibidad mula sa *Let's Play: Activities for Families.* Sa early learning resources na ito, ang mga benepisyo ng paglalaro ay binibigyang-diin nang sa gayon ay masigurado ng adults na ang paglalaro ay mahalaga sa mga bata para sila'y matuto at magdibelop.

# Resources

BC Ministry of Education. (2019). *Play Today: B.C. Handbook*. Hinango mula sa: https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/education/early-learning/teach/earlylearning/play-today-handbook.pdf

BC Ministry of Education. (2019). *Let's Play! Activities for Families.* Set 1 Focusing on engagement with others, materials and the world. Hinango mula sa: https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/education/early-learning/teach/earlylearning/lets-play-engagement.pdf

BC Ministry of Education. (2019). *Let's Play! Activities for Families.* Set 2. Focusing on Communications and Literacies. Hinango mula sa: https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/education/early-learning/teach/earlylearning/lets-play-communication.pdf

BC Ministry of Education. (2019). *Let's Play! Activities for Families.* Set 3 Focusing on Identities, Social Responsibility, and Diversity. Hinango mula sa: https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/education/early-learning/teach/earlylearning/lets-play-identities.pdf

BC Ministry of Education. (2019). *Let's Play! Activities for Families.* Set 4 Focusing on Well-Being and Belonging. Hinango mula sa: https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/education/early-learning/teach/earlylearning/lets-play-well-being.pdf

# Mga Reperensiya

McCain, M., Mustard, F., & McCuaig, K. (2011). Early years study 3. Toronto, ON: Atkinson Centre, OISE

Pyle, A., & Danniels, E.(2017). A continuum of play-based learning: The role of the teacher in play-based pedagogy and the fear of hijacking play, Early Education and Development, 28(3), 274-28











BRITISH COLUMBIA

Ministry of Education